**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL 3

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Introduksiyon

Sa Modyul na ito malalaman mo ang iba't ibang anyo ng kamanahang kultural. Pokus ng partikular na Modyul na ito ang Nasasalat na Kamanahang Kultural o Tangible Cultural Heritage. Nakasaad sa RA 10066 o National Cultural Heritage Law ang mga pamantayan, pagtukoy, at pag-iingat sa mg anyo ng kamanahang kultural. Magkakaroon din ng mga babasahin na tatalakay sa mga usaping nakapalibot sa mga anyo ng kamanahang kultural sa pangkalahatan

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Linggo 3-4, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagpapaliwanag ng iba't ibang anyo ng Kamanahang Kultural;
2. Makapagsusuri ng konsepto at mga halimbawa ng Nasasalat na Kamanahang Kultural o Tangible Cultural Heritage.
3. Makapagsusuri ng konsepto at mga halimbawa ng Di-Nasasalat na Kamanahang Kultural o Intangible Cultural Heritage;

Mga Uri ng Kamanahang Kultural

Ayon kay Vecco (2010), ang mga Pranses ang kumilala sa konsepto ng *patrimoine* bilang "*goods inherited from the father or mother, indicating a concept of personal heritage*." Nagbago lamang at mas lumawak ang terminong ito pagkatapos ng Rebolusyong Pranses para saklawin ang common heritage o heritage of the nation. Tinalakay ni Vecco (2010) ang semantikong pag- unlad ng terminolohiya batay sa karanasang Kanluranin.

| **Gabay sa Gawain 1** |
|---|

| |
|---|
| Basahin mo ang sanaysay na *A definition of cultural heritage: From the tangible to the intangible (2010)* ni Marilena Vecco.<br><br>Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>1. Paano umunlad ang konsepto ng kamanahang kultural batay sa iba't ibang dokumentong binabanggit sa sanaysay?<br>2. Paano umangat ang pagpapahalaga sa Nasasalat na Kamanahang Kultural o Tangible Cultural Heritage kaysa sa Di-Nasasalat na Kamanahang Kultural o Intangible Cultural Heritage? |

<u>Nasasalat na Kamanahang Kultural o Tangible Cultural Heritage</u>

Sa Pilipinas, ang k halagahan at pangangalaga sa Kamanahang Kultural ay nakasaad sa Sek. 14, 15, 16, at 17, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng Pilipinas 1987. Nakasaad din ito ang tungkulin ng estado na protektahan, at suportahan ang mga yamang historikal at kultural ng bansa. Isa pang mahalagang dokumento ang RA 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009. Pinalawig nito ang saklaw ng mga probisyon ng kontitusyon tungo sa pamantayan, pagtukoy, at pag-iingat sa mga pagmamay-aring kultural ng Pilipinas.

| **Gabay sa Gawain 2** |
|---|
| Basahin mo ang Sek. 14, 15, 16, at 17, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng Pilipinas 1987 at Art. I at II ng RA 10066.<br><br>Pagkatapos basahin ang mga probisyon, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>1. Ano-ano ang mga tungkulin ng estado patungkol sa kamanahang kultural?<br>2. Bakit nasa kamay ng estado ang ganitong tungkulin?<br>3. Ano ang kahulugan ng Nasasalat na Kamanahang Kultural o Tangible Cultural Heritage ayon sa RA 10066?<br>4. Magbigay ka ng mga halimbawa ng Nasasalat na Kamanahang Kultural o Tangible Cultural Heritage na binanggit sa Art. II ng RA 10066. |

Batay sa depinisyon ng Nasasalat na Kamanahang Kultural, ito ay mga bagay na may historikal, arkayval, antropolohikal, arkeolohikal, artistik, at arkitektural na kahalagahan para sa Pilipinas. May taglay din itong kakaiba, at tradisyonal na produksyong nagmula o maaring nagmula sa Pilipinas.

<u>Di-Nasasalat na Kamanahang Kultural o Intangible Cultural Heritage</u>

Binibigyang depinisyon ng RA 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009, ang Di-Nasasalat na Kamanahang Kultural at ang Di-Nasasalat na Pag-aaring Kultural.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| | |
|---|---|
| Intangible cultural heritage | practices, representations, expressions, knowledge and skills, as well as the instruments, objects and artifacts associated therewith, that communities, groups and individuals recognize as part of their cultural heritage, such as: (1) oral traditions, languages and expressions; (2) performing arts; (3) social practices, rituals and festive events; (4) knowledge and practices concerning nature and the universe; and (5) traditional craftsmanship |
| Intangible Cultural property | the peoples' learned processes along with the knowledge, skills and creativity that inform and are developed by them, the products they create and the resources, spaces and other aspects of social and natural context necessary for their sustainability. |

Tumutukoy kung gayon ang Di-Nasasalat na Kamanahang Kultural sa mga kaalaman, proseso, panlipunang praktis ng mga Pilipino na bahagi ng ating mayamang nakaraan at kultura. Isang halimbawa nito ay ang mga festival o pista. Nakatali sa mga paniniwala, ang mga pista ay manipestasyon ng malalim na kaalaman at tradisyong bayan na makikita pa rin hanggang sa kasalukuyan.

| **Gabay sa Gawain 3** |
|---|
| Basahin mo ang mga sumusunod na sanaysay:<br>1. *Cultural heritage entanglements: festivals as integrative sites for sustainable urban development* (2020) nina Beth Perry , L. Ager & R. Sitas.<br>2. *Parada ng Lechon in Balayan, Batangas Philippines to Honor St. John the Baptist: An Ethnographic Study* (2014) ni MARIA LUISA A. VALDEZ.<br><br>Pagkatapos basahin ang mga sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano ang pakahulugan nina Perry et al. sa "tangible-intangible entanglements"?<br>b. Ano-ano ang implikasyon ng entanglement na ito para sa komunidad?<br>c. Matatagpuan ba ang entanglements na ito sa partikular na kaso ng Parada ng Lechon sa Balayan, Batangas? |

Sa sanaysay ni Valdez (2014), binabalikan niya ang kasaysayan at kahalagahan ng Parada ng Lechon para sa mga taga-Balayan, Batangas. Nagsimula bilang isang simpleng pasasalamat at pagpupugay kay San Juan Bautista, ang kasalukuyang pista ay naging paraan para ipakita ng mga mayayaman sa bayan ang kanilang pakikiisa at pagbabahagi ng biyayang natanggap. Ito rin ang tinutukoy nina Perry, et al. (2020) na integrative sites o lunan ng pagsasalubong sa mga pista o festival. Nagtatagpo ang pakahulugan sa mga pista lalo kung nasa urban at modernong panahon isasagawa.

| **Gabay sa Assignment** |
|---|

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

1. Bilang pangkat, bumuo kayo ng ulat na nagtatampok ng Nasasalat na Kamanahang Kultural at Di-Nasasalat na Kamanahang Kultural na napuntahan o naranasan na ng inyong mga miyembro. Ipakita sa ulat ang inyong mga personal na larawan ng pagpunta at pagdanas ng mga uri ng kamanahang kultural sa Pilipinas (hindi bababa sa 1 larawan bawat miyembro). Hindi maaaring gumamit ng larawan mula sa internet. **Talakayin ang kahalagahan ng mga ito batay sa pamantayan ng RA 10066.** Talakayin din ang inyong personal na danas at pagsusuri sa inyong napuntahan at natunghayan.

2. Maghandang iulat ang inyong presentasyon sa klase.

| | |
|---|---|
| **Format ng Pangkatang Pag-uulat:** Powerpoint presentation, 10 slides max, may caption (lugar, petsa) ang mga larawan, 20 mins max. | |
| **Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:** | |
| Partisipasyon ng lahat ng miyembro | 1pt |
| Obserbasyon ng batayang format | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 1pt |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Angkop na pag-uugnay sa RA 10066 | 2pts |
| Lohikal at may basehan na papapaliwanag | 2pts |
| **Malinaw na paggamit ng wika:** | |
| Ispontanyong pag-uulat | 1pt |
| Malinaw at magaan na wika | 1pt |

Mga Sanggunian:


Vecco, M. (2010). A definition of cultural heritage: From the tangible to the intangible. *Journal of Cultural Heritage*, *11*(3), 321-324. https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S1296207410000361

Konstitusyon ng Pilipinas 1987 https://www.constituteproject.org/constitution/Philippines_1987.pdf?lang=en

RA 10066 – National Cultural Heritage Act of 2009. http://gwhs- stg02.i.gov.ph/~s2govnccaph/republic-act-no-10066/

Beth Perry, Ager, L., & Sitas, R. (2020). Cultural heritage entanglements: festivals as integrative sites for sustainable urban development. *International Journal of Heritage Studies*, *26*(6), 603- 618. DOI: 10.1080/13527258.2019.1578987 https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/13527258.2019.1578987

Valdez, M. L. A. (2014). Parada ng Lechon in Balayan, Batangas Philippines to Honor St. John the Baptist: An Ethnographic Study. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary*


JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

*Research*| *Vol*, *2*(3). https://ejournals.ph/article.php?id=5784

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)